# TUMAKBO AT ILIGTAS MO ANG IYONG BUHAY

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis. Techie "Soar" M. Rodriguez
Enero 20, 2024

Sa harap ng napipintong panganib, karaniwang tayo ay tumatakbo ng may hindi natitinag na determinasyon at hindi na nanaising lumingon pa. Ang kaligtasan ay nakasalalay sa paglayo sa kasalanan. Ang babala sa kuwento ng asawa ni Lot ay nagsisilbing matibay na paalala. Ang kanyang pagbabagong anyo noong siya ay naging isang haliging asin ay nagbibigay diin sa magiging kahihinatnan sa mga makasalananan gaya ng Sodom, ang makasalanang lungsod (Gen. 19). Ang hindi niya pagpayag na putulin ang kanyang ugnayan sa isang makasalanang lungsod ang naging dahilan ng kanyang kaawa-awang kapalaran. Binibigyang-diin dito ang kahalagahan ng paglayo sa mga bagay o anumang maaring makasisira sa ating buhay espiritwal.

**Ang pagtatatag ng isang malinaw na "*moral compass*" ay kinakailangan, bilang pagbibigay-kahulugan sa mga prinsipyo sa Bibliya:**

**1. Ang kasal sa pagitan ng isang mananampalataya at hindi mananampalataya ay ipinagbabawal (2 Cor. 6:14-16)**"Huwag kayong makisama sa mga di-sumasampalataya. Maaari bang magkasama ang katwiran at ang kalikuan? O kaya'y ang liwanag at ang kadiliman? **15** Maaari bang magkasundo si Cristo at ang Diyablo[a]?" Kaya, dapat nating iwasan ang pakikiisa sa pagitan ng mananampalataya at hindi mananampalataya dahil ito ang nagbibigay diin sa pagkakaiba ng mga paniniwala. Imposibleng magkatugma ang liwanag sa kadiliman o si Kristo kasama ang Diyablo. Ito ay tunay na magkasalungat.

**2. Iwanan ang lahat ng kalikuan (2 Cor.6:14)**

2.1 Dapat nating iwasan ang pakikisalamuha sa hindi mananampalataya upang pangalagaan ang ating paglalakbay tungo sa kabanalan. Ang paglayo sa mga ito ay mahalaga upang manatili tayong tapat sa ating pananampalataya, itaguyod ang katuwiran sa mata ng Diyos, at iwasan ang mga panlabas na impluwensya na maaaring makagulo sa ating daan tungo sa kabanalan, at sa pagsunod kay Kristo.

2.2 Iwasan ang mga kasosyo sa negosyo na walang takot sa Diyos upang hindi maimpluwensyahan ng kanilang ilegal, eskandaloso, at masasamang gawain.

**3. Iwanan ang lahat ng msasamang gawa**

3.1 Bilang mga tunay na taga-sunod ni Kristo, dapat tayo ay laging handang lumaban sa mga puwersa ng kadiliman. Hayaan ang liwanag ni Hesus na sumikat sa atin at hayaan din itong makita ng ibang taong nasa dilim.

3.2 Iwasan ang mga kaibigang nagsasabi ng maruruming biro; lumayo sa mga tsismosa. Dapat tayong tumakas sa mga tuksong ito dahil mula ito sa ating kalaban, ang masama, at hindi mula sa Diyos (Santiago 1:13).

**4. Iwanan ang lahat ng uri ng kasalanan at imoralidad**
"Magpakabanal kayo, sapagkat Ako'y banal" (1 Pedro 1:16). Ang ating katawan ay templo ng Banal na Espiritu Santo; kaya, tayo ay dapat umiwas sa anumang uri ng kasalanan at seksuwal na imoralidad. Dapat tayong sumunod sa isang pamantayan ng kadalisayan na sumasalamin sa ating kabanalan.

**Konklusyon:**
Kung naririnig natin ang tinig ng Diyos na nagsasabing tumakbo para sa ating buhay, dapat "huwag nating patigasin ang ating mga puso" (Heb. 3:15 at Ps. 95:8) at dapat mabilis tayong kumilos. Tayo ay hindi dapat mag-dalawang isip na tumakbo kapag sinabi ito sa atin ng Diyos at ipakita sa Kanya ang ating pagsunod at paggalang. Ang panawagang "tumakbo para sa iyong buhay" ay tugon sa tinig ng Diyos na nangangailangan nang agarang pagsunod, paghingi ng tawad, paglayo sa mga negatibong impluwensya at pagpokus muli sa Salita ng Diyos.

**Pagninilay:**
1. Paano umaayon ang ideya ng pagtakbo para sa iyong buhay sa iyong pag-unawa sa pananampalataya, pagtitiwala at pag-asa sa patnubay ng Diyos?

2. Pagnilayan ang kahalagahan ng muling pagtutuon ng iyong pansin sa Salita ng Diyos bilang tugon sa mga tukso at negatibong impluwensya. Papaano ang regular na pagsabuhay ng Salita ng Diyos ay nagpapatatag sa iyong espirituwal na relasyon sa Kanya?

**Scribes Ministry**:
Isinalin ni: Sis Mayflor Barcita
Na-edit ni: Sis Nida Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Mga tag: #kasalanan #pagsunod